Mga Salitang Ginagamit sa Loob ng Bahay

1. Kahalagahan ng Pananalita sa Tahanan

Ano ang ginagamit na salita kapag nakikipag-usap sa magulang o tagapag-alaga? Ginagamit ba ang wika ng sariling bansa o Nihongo? Pinakamahalaga sa bata ang ginagamit na salita sa bahay. Kapag nahubog nang sapat ang bata sa wikang ginagamit sa tahanan, sinasabing mas madali ang paghubog ng pag-aaral sa wikang Hapon. Upang mabilis matuto ng Nihongo ang bata, kailangan bang ito rin ang wika na gagamitin sa bahay at hindi na dapat gamitin ang sariling wika? Kung ang magulang o tagapag-alaga ng bata ay malugod na nakakaunawa at nakapagsasalita ng wikang Hapon, ito ay walang problema. Subalit kung ang magulang ay hindi gaanong nakakapagsalita, ito ay magiging suliranin sa bata para unawain ang mga sinasabi ng magulang. Mas mainam gamitin ang salitang malayang ginagamit ng magulang upang maipaliwanag nito ng maayos sa bata ang kanilang mga sinasabi at para maunawaang lubos ang ibig sabihin ng magulang (mutual understanding.)

Ang bata y hindi pa gaanong nahuhubog maging sa sariling wika. Pagpasok ng elementarya madaling masasanay at matututong magsalita ng Nihongo sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa kanilang kapwa. At dahil dito, mas magiging mahusay ang pagsasalita nila sa wikang Hapon. Kung mabilis matutong magsalita ang bata, madali at mabilis din itong makalimot .At dahil sa mas may maraming oras sa pagsasalita ng Nihongo, may posibilidad na makalimutan ang sariling wika o' hindi siya marunong sa pagsalita nito. Para maiwasan ang ganitong pangyayari, kinakailangan ang patuloy na komunikasyon ng magu-lang sa bata na gamit ang sariling wika.

2. Ano ang mangyayari kapag nakalimutan o' hindi marunong ang sariling wika?

【Hindi sapat ang komunikasyon】

Isa sa pinakamadaling suliranin ang makalimutan ng bata ang sariling wika o' hindi marunong magsalita ng sariling wika. Ano sa palagay ninyo ang tungkol dito?

Inaakala ba ninyong Nihongo lang ang dapat gamiting wika ng bata? Habang maliit pa ang bata, nagkakaintindihan pa sila ng magulang sa pamamagitan ng mga madaling salita na alam ng magulang sa wikang Hapon. Subalit kapag ang bata ay sumapit sa Junior High School at pataas, kahit na kausapin ng magulang sa sariling wika ang anak, kalimitang isinasagot nito ay sa Nihongo na. Unti-unting nakakalimutan nito ang sariling wika, hinggil pa dito mahihirapan nang makipag-usap tungkol sa mga pag-aaral o tungkol sa kinabukasan ng bata. Dahil sa mga balakid ng komunikasyong ito, nagiging magulo ang isip ng bata at hindi malaman nito ang gagawin. Pati na rin ang damdamin ng bata ay apektado sa ganitong sitwasyon. Para magkaroon ng kapanatagan sa isip at damdamin, higit na nararapat ang patuloy na pakikipag-usap o komunikasyon sa sariling wika.

【Mahihirapan sa pag-intindi ng kumplikadong sitwasyon!】

Sinasabing kapag ang bata ay lubos na nahubog sa sariling wika ay mas magiging madali ang paghubog nito sa *Nihongo*, at sa ibang salita, kapag ang bata ay hindi lubos na nahubog sa sariling wika ay mahihirapan ding hubugin sa *Nihongo*.

Sa elementarya, madadagdagan ang kinakailangang salita at pang-unawa. Habang umaakyat sa mga sumusunod na baitang, nagiging kumplikado ang mga salita at bagay na dapat unawain. Kapag ang bata ay lubos na nahubog sa sariling wika, ang anumang bagay na hindi naiintindihan sa *Nihongo* ay maaaring intindihin sa sariling wika; subalit kung ang sariling wika o *Nihongo* ay hindi lubos na nahubog, mahihirapan ang bata na umintindi. Kapag ang paliwanag sa *Nihongo* at sariling wika ay hindi maintindihan, mahihirapan din sa pag-aaral ang bata.

3. Ano ang dapat gawin?

Hindi ibig sabihin na dahil dito sa Japan nakatira ay Nihongo ang dapat gamiting salita o hindi naman ibig sabihin na dahil sa uuwi babalik naman sa sariling bayan ay sariling wika lang ang gagamitin. Pangalagaan pareho ang sariling salita at Nihongo. Kung ano ang wika na madaling sabihin o gamitin ng magulang, ito ang gamiting uri ng komunikasyon para sa maayos, malayang pagpapaliwanag at para maipahayag ang mga dapat ipabatid sa bata. Upang matutong magsalita ang bata na gamit ang dalawang lingguwahe o wika sapagkat alam nito kung paano gagamitin.